Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-09
SERYE NG 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA DOKUMENTASYON NG WIKA AT KULTURANG AGTA

SAPAGKAT, itinatadhana ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991, na isa sa mga mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

SAPAGKAT, itinatadhana din ng naturang batas na mandato ng KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

SAPAGKAT, itinatadhana din na magsagawa ang KWF sa mga antas na pambansa, rehiyonal, at lokal ng mga pagdinig pampubliko, kumperensiya, seminar, at iba pang mga pangkatang talakayan upang umalam at tumulong sa paglutas ng mga suliranin at mga isyung may kaugnayan sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

SAPAGKAT, pinagtibay ng Kapasiyahan Blg. 14-37, s. 2014, ng Kalupunan ng mga Komisyoner ang kapasiyahan para sa kampanya at pangangalaga sa wika at kulturang Agta;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na sinususugan ang nabanggit na kapasiyahan sa itaas, sa pamamagitan ng pananaliksik na nakatuon sa komprehensibong pagdodokumento ng kulturang Agta, na may tuon sa wika;

IPINAPASIYA, na target na awtput ng proyekto ang dokumentasyong video at retrato at limbag na mga aklat para sa mga etnolingguwistikong grupong Alta, Alta Kabulowan, at Ayta Mag-indi;

IPINAPASIYA pa, na isasakatuparan ang proyekto sa pamamagitan ng mahigpit na pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng KWF sa mga institusyong pangkultura gaya ng Pambasang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), at iba pang mga organisasyong pangwika at pangkultura sa bansa;

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
-09
Petsa: 4/27/16 Oras: 3:37 pm
Ni:
YUNIT NG MGA K•SULATAN

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-09
SERYE NG 2016

IPINAPASIYA sa wakas, na ang maglalaan ng pondong PHP1.5M ang KWF para sa pagsasakatuparan sa proyektong ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 25 Abril 2016 sa University of San Carlos, Lungsod Cebu.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO
Tagapangulo

KOM. PURIFICACION G. DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad